



# COVID-19

## Mga Katotohanan sa Bakuna



### BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA?

- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay **ligtas at epektibo**.
- Ang pagbabakuna ay ang pinakamahusay na paraan para mapanatiling ligtas ka at ang iyong mga mahal sa buhay mula sa pagkakasakit, pagliban sa trabaho, pagpapahospital o pagkamatay.
- Ang mga bakuna ay pumoprotekta laban sa mga baryante ng Delta. At pinabababa rin nila ang tiyansa ng paglitaw ng mga bago at lalong mas mapanganib na baryante.

### SINO ANG PWEDENG MAGPABAKUNA?

#### Sinuman na 12 taong gulang pataas

- Ang bakuna ay **Libre** sa lahat kahit na wala kang seguro (insurance).
- Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon.
- Ang mga bakuna ay inirerekomenda sa lahat 12 taon pataas, kabilang ang mga taong nagdadalang-tao o nagpapasuso, at mga taong nagkaroon na ng COVID-19.
- Karamihan sa mga taong may mga alerdyi ay maaaring magpabakuna.



### PAANO MAKAKAKUHA NG BAKUNA?

May daan-daang mga lugar (sites) sa buong LA County – marami ay bukas sa mga Sabado at Linggo (weekend) at gabi at hindi kailangan ng tipanan (appointment).

Para humanap ng lokasyon sa inyong lugar:

- Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinateLACounty.com) o tawagan ang **833-540-0473**, 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi.
- Maaari mo ring tawagan ang 2-1-1 na may impormasyon sa maraming wika 24/7 o tanungin ang iyong doktor o lalaki na parmasyutiko.
- May magagamit ring libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay.

Ang mga menor-de-edad ay kailangan ng pahintulot mula sa kanilang magulang o legal na tagapag-alaga para mabakunahan.



### ANONG MGA BAKUNA ANG MAGAGAMIT SA AMERIKA (US)?

	<b>Pfizer</b>	<b>Moderna</b>	<b>Johnson &amp; Johnson</b>
Magagamit para sa:	Mga taong edad 12+	Mga taong edad 18+	Mga taong edad 18+
Binibigay bilang:	2 dosis - 21 araw ang pagitan	2 dosis - 28 araw ang pagitan	1 dosis

Kung mayroon kang banayad o napakalubhang huminang sistema ng imyunidad maaari mong kailanganin ng karagdagang dosis ng bakuna – makipag-usap sa iyong doktor.



# COVID-19

## Mga katotohanan sa Bakuna

### ANO ANG MGA EPEKTO (SIDE-EFFECTS)?

- Ang mga epekto ng bakuna ay pangkaraniwan at maaaring kabilangan ng pananakit o pamumula ng braso, pagkapagod, lagnat, panggiginaw, pananakit ng ulo o kalamnan. Hindi nangangahulugan na mayroon kang COVID-19. Hindi lahat ay magkakaroon nito.
- Ang mga epekto ay isang palatandaan na ang sistema ng iyong imyunidad ay **bumubuo ng proteksyon**. Maaari nitong maapektuhan ang iyong kakayahan na gumawa ng ilang pang-araw-araw na aktibidad ngunit dapat na mawala rin sa loob ng isa o dalawang araw pagkatapos mabakunahan.
- Ang mga malulubhang epekto ay napakabihira at karamihan ay nagagamot.



### PAANO NAMAN ANG TUNGKOL SA KALIGTASAN (SAFETY)?

- Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.
- Ang mga bakuna ay sinubukan sa libo-libong tao, kabilang ang mga tao na iba-iba ang kulay o lahi, mga mas nakatatanda, at mga taong may mga medikal na kondisyon, at napag-alaman na ligtas ang mga ito.
- Ang bawat hakbang na kinakailangan para siguraduhin na ang isang bakuna ay **ligtas at epektibo** ay sinunod.
- Mula noong Disyembre 2020, **milyon-milyong tao ang ligtas** nang nakatanggap ng bakuna sa COVID-19.
- Walang ebidensya na ang pagbabakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng mga problema sa pagkakaroon ng anak (fertility) sa mga kalalakihan at kababaihan. Ang lahat ng impormasyon na mayroon tayo sa pagdadalang-tao ay nakapagpapanatag ng kalooban. Ang mga siyentipiko ay patuloy na pinag-aaralan nang maingat ang mga bakuna sa COVID-19 para sa mga pagkabahala sa kaligtasan at pagbabahagi ng kanilang nalalaman.



### PAGKATAPOS NA MABAKUNAHAN

- Hindi ka **ganap na nabakunahan** hanggang sa 2 linggo pagkatapos mong kumuha ng bakuna ng Johnson & Johnson o ng iyong pangalawang bakuna ng Pfizer o Moderna. Inaabot ng ilang panahon para makabuo ng imyunidad ang iyong katawan.
- Pagkatapos mong ganap na mabakunahan, patuloy na gumawa ng mga hakbang sa pagprotekta sa iyong sarili at sa iba.
  - **Magsuot ng maskara na maayos ang pagkakakasya**
  - Manatili sa bahay kapag may sakit
  - Hugasan nang madalas ang iyong mga kamay
  - Iwasan ang mga siksikang lugar at mga espasyo na may mahihinang daloy ng hangin
  - Panatilihin ang iyong distansya

